

2 PAG-UULAT UKOL SA PALAKAD PARA SA RESIDENTE

Ang sumusunod ang mga pangunahing palakad kaugnay ng batas na kakailanganin para sa pangaraw-araw na pamumuhay ng mga naninirahang dayuhan.

(1) Ulat ng Paglipat

Kailangan ng mga taong panibagong pumasok sa Japan bilang taong naninirahan nang matagal-tagal o matagal na panahon (taong pinagkalooban ng residence card sa paliparan o iba pa, o taong tinatakan ang pasaporte ng stamp na “pagkalooban ng residence card sa darating na araw”), na dalhin ang residence card (pasaporte para sa taong hindi pinagkalooban ng residence card sa paliparan o iba pa) at isagawa ang ulat ng paglipat sa lungsod, ward o bayan ng tirahan sa loob ng 14 araw mula sa araw na panibagong naitakda ang address sa lungsod, ward o bayan.

<Palakad>

Mangyaring makipagkonsulta sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan tungkol sa detalye ng palakad at iba pa.

(2) Ulat ng Pag-alis

Sa sistema ng Batayang Talaan ng Mga Residente, maging dayuhan man, kapag lilipat sa ibang lungsod, ward, bayan o baryo, kasabay ng pag-uulat ng pag-alis sa lungsod, ward o bayan ng tirahan, kailangan ding magsagawa ng ulat ng paglipat sa lungsod, ward o bayan ng bagong tirahan.

Kung lilipat naman sa ibang bansa, kailangan pa rin ang ulat ng pag-alis.

<Palakad>

Mangyaring makipagkonsulta sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan tungkol sa detalye ng palakad at iba pa.

(3) Kasal

Upang legal na maisaganap ang kasal sa loob ng bansang Hapon, kailangang mag-submit ng ulat ng kasal sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan, at kilalanin ito.

<Palakad>

Mangyaring makipagkonsulta sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan tungkol sa detalye ng palakad at iba pa, dahil kasabay ng ulat ng kasal, kailangang ihanda ang sumusunod na mga papeles para sa palakad.

A	<p>Certificate of Legal Capacity to Contract Marriage (Sertipiko ng legal na kakayahang magpakasal)</p> <hr/> <p>Kung mag-uulat ng kasal ang dayuhan sa Japan, kailangang mag-submit ng papeles na nagpapatunay na natutupad ang kondisyon sa pagpapakasal sa ilalim ng batas ng sariling bansa (Certificate of Legal Capacity to Contract Marriage).</p> <p>Kung bansang hindi nagkaloob ng Certificate of Legal Capacity to Contract Marriage, magsa-submit ng papeles na panghalili rito.</p>
---	--

B	<p>Saksi</p> <hr/> <p>Maaaring maging saksi ang kahit sinong taong umabot sa sapat na gulang at alam na magpapakasal ang mga taong kinauukulan. Sa puwang para sa saksi sa kasulatan ng ulat, ang mismong saksi ang magsusulat ng kanyang pangalan, address, nasyonalidad (legal na tirahan o <i>honseki</i> kung Hapones), at maglalagay ng tatak (pirma kung dayuhan).</p>
---	--

◆ Bagay na dapat pag-ingatan ◆

- ① Pagbabago ng pangalan (apelyido) ng Hapones kasabay ng internasyonal na kasal
 Kung babaguhin ang pangalan (apelyido) ng Hapones, sa patakanan, kukuha ng pahintulot ng hukuman ng ugnayang pantahanan, ngunit kung nagpakasal sa dayuhan, maaaring gamitin ang pangalan (apelyido) ng dayuhang asawa ayon sa batas ng kanyang bansa, nang hindi kumukuha ng pahintulot ng hukuman ng ugnayang pantahanan sa pamamagitan ng pag-uulat sa lungsod, ward o bayan sa loob ng 6 buwan mula ng araw na nag-submit ng ulat ng kasal.
 Kung nagbago ng pangalan, isagawa ang “Pag-uulat ng Pagbabago ng Bagay na Nakasulat sa Residence Card” sa Hiroshima Regional Immigration Services Bureau, o branch office sa loob ng 14 araw. Ang mga kinakailangang papeles ay Residence card, litrato ng mukha, pasaporte kung saan nakasulat ang binagong pangalan at marriage certificate.

- ② Palakad ng pag-ulat ng kasal sa sariling bansa
 Sa mga dayuhan, upang marehistro ang kasal sa sariling bansa, kailangang magsagawa ng pag-uulat sa kinauukulang ahensya ng sariling bansa (embahada, konsulado o iba pa).
 Mangyaring magtanong sa kinauukulang ahensya ng sariling bansa para sa mga detalye.

- ③ Iba pa
 Mangyaring magtanong sa tanggapan ng kinauukulang ahensya ng sariling bansa at tanggapan ng lungsod, ward o bayan para sa mga detalye tungkol sa paraan ng pag-ulat ng kasal, pagbabago ng nasyonalidad kasabay ng kasal at iba pa.
 Kung nagbago ng nasyonalidad, isagawa ang “Pag-uulat ng Pagbabago ng Bagay na Nakasulat sa Residence Card” sa Hiroshima Regional Immigration Services Bureau , o branch office sa loob ng 14 araw. Residence card, litrato ng mukha at pasaporte kung saan nakasulat ang nakamit na bagong nasyonalidad at papeles na nagpapatunay na nawala ang dating nasyonalidad ang mga kinakailangang papeles.

Para sa mga katanungan	Tanggapan ng lungsod, ward o bayan Mga kinauukulang ahensya ng bawat bansa (Embahada, konsulado at iba pa)
------------------------	--



(4) Diborsyo

A Kung mag-asawang parehong dayuhan

A	<p>Kung pareho ang nasyonalidad ng mag-asawa</p> <p>Maaari lamang isagawa ang kasunduan ng diborsyo kung pinahihintulutan ang kasunduan ng diborsyo sa batas ng sariling bansa. Upang magawa ang kasunduan ng diborsyo ng dayuhang mag-asawa sa Japan, sa patakaran, kailangan ang pag-submit ng “Sertipikong nagpapahiwatig na maaari ang kasunduan ng diborsyo sa pamamaraan ng Japan ayon sa batas ng sariling bansa.”</p> <p>Mangyaring magtanong sa embahada, konsulado o iba pa ng sariling bansa tungkol sa paraan ng pagkuha ng sertipikong ito, o kung pinahihintulutan o hindi sa batas ng sariling bansa ang kasunduan ng diborsyo.</p>
B	<p>Kung hindi pareho ang nasyonalidad ng mag-asawa</p> <p>Kung pinahihintulutang magkaroon ng palagiang tirahan (habitual residence) sa Japan ang dalawang partido ng mag-asawa, maaaring isagawa ang kasunduan ng diborsyo.</p>

B Kung Hapones ang isa sa mag-asawa

Maaaring isagawa ang kasunduan ng diborsyo kung Hapones ang isa sa mag-asawa at mayroong palagiang tirahan (habitual residence) sa Japan. Kapag napagpatibay ang diborsyo, kailangang mag-ulat sa embahada, konsulado o iba pa upang mairehistro ang diborsyo sa sariling bansa. Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan para sa mga detalye ng palakad tungkol sa pag-uulat ng kasunduan ng diborsyo.

*Kahit napagpatibay sa Japan ang diborsyo, kailangang mag-ingat dahil hindi ito nangangahulugang may bisà ang diborsyo sa sariling bansa (Hal: Kahit nagsagawa ng kasunduan ng diborsyo sa Japan ang mag-asawang South Korean na nakatira sa Japan, hindi kinikilalang may bisà sa South Korea ang ulat ng diborsyong tinanggap at kinilala ng lungsod, ward o bayan ng bansang Hapon.).

C Kung taong naninirahan bilang asawa sa pahintulot para sa paninirahang “Spouse or Child of Japanese National,” “Spouse or Child of Permanent Resident” o “Dependent”

Isagawa ang pag-uulat kaugnay sa pagkapawi ng kaugnayan bilang asawa sa Director-General ng Immigration Services Agency of Japan sa loob ng 14 araw.

(5) Panganganak

Kung nanganak sa loob ng bansang Hapon, kailangang iulat ang panganganak tungkol sa isinilang na anak sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan sa loob ng 14 araw.

<Palakad>

Para sa ulat ng panganganak, isa-submit kalakip ang kinakailangang papeles sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan ng taong nag-ulat o ng lugar kung saan nanganak, ngunit kailangan ang palakad sa pagkamit ng pahintulot para sa paninirahan bukod dito.

◆Pahintulot para sa paninirahan◆

Kung isinilang bilang dayuhan, maaaring manirahan sa Japan nang 60 araw mula sa araw ng pagkapanganak nang walang pahintulot para sa paninirahan, ngunit kung nais manirahan nang lampas dito, kailangang mag-apply para sa pahintulot ng pagkuha ng pahintulot para sa paninirahan sa Hiroshima Regional Immigration Services Bureau, o branch office sa loob ng 30 araw mula ng pagkapanganak, at kumuha ng pahintulot para sa paninirahan.

◆Bagay na dapat pag-ingatan◆

① Libreng pangkalusugan ng ina at anak

Kapag nagdalantao, o kapag nag-submit ng ulat ng pagdadalantao sa health center (lungsod ng Hiroshima, lungsod ng Kure, lungsod ng Fukuyama) o sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan, ipagkakaloob ang libreng pangkalusugan ng ina at anak. Itinatala sa libreng ito ang mga pangyayari habang nagdadalantao, paglaki ng sanggol, pagbabakuna at iba pa, at mapapakinabangan sa pangangasiwa ng kalusugan ng ina at anak. Nakalakip din dito ang tiket para sa pagpapatingin sa doktor (*jushinken*).

Magkakaiba ayon sa lungsod, ward o bayan ang oras at lugar ng pagsasagawa, paraan ng pagbibigay-alam tungkol sa pagsusuring medikal ng sanggol at pagbabakuna. Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye.

② Tulong sa gastusin sa panganganak

Kung kasapi sa panlipunang seguro o Pambansang seguro ng kalusugan, maaaring tumanggap ng benepisyo ng kabuuang halaga para sa panganganak at pag-aalaga ng bata (*shussan ikuji ichijikin*). Mangyaring mag-apply sa pinagtatrabahuhang kumpanya o sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan.

③ Child allowance (*jidō teate*)

Kung nagsusustento ng bata hanggang sa pagtatapos ng gitnang paaralan (hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos ng ika-15 kaarawan), mabibigyan ng child allowance. Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye.

Mula sa sumunod na buwan ng buwan ng inaprobahang pagsingil ang pagbibigay ng allowance.

④ Child Rearing Allowance (*jidō fuyō teate*)

Ibinibigay ang child rearing allowance sa ama/ina o taong nagsusustento ng batang nagdiborsyo ang ama at ina, batang pumanaw o hindi batid kung buhay o pumanaw ang ama o ina at iba pa. Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye.

◆Sistema ng pagkilala at pagkilala ng sanggol sa sinapupunan◆

Pagkilala na sariling anak ng ama o inang kaugnay sa dugo (subalit natural na malalahad ang kaugnayan ng ina at anak mula sa katunayan ng panganganak) ang batang isinilang sa pagitan ng babae at lalaking wala sa kaugnayan ng kasal ayon sa batas ang pagkilala (*ninchi*).

Sistema ang pagkilala ng sanggol sa sinapupunan (*taiji ninchi*) na itinatag sa layunin ng pagbuo ng legal na kaugnayan ng ama at anak mula sa panganganak (pagprotekta sa kaugnayan ng ama at anak) sa pamamagitan ng pagkilala bago ng panganganak, dahil maaaring magdulot ng abala at disadvantage para sa batang iyon kapag hindi maaaring kilalanin nang kusa ng ama dahil may panganib na pumanaw ang amang habang hinihintay ang pagsilang ng anak.

Sa pamamagitan ng pagkilala ng sanggol sa sinapupunan (*taiji ninchi*), matitiyak ang karapatan ng bata dahil magkakaroon ng legal na kaugnayan ng ama at anak sa pagitan ng isisilang na anak at amang kaugnay sa dugo, at ituturing na isinilang na ang sanggol sa sinapupunan ukol sa pagsingil ng bayad-pinsala, pagmamana, pagpapamana at iba pa.

Sa pagkilala ng sanggol sa sinapupunan (*taiji ninchi*) kung saan magkaiba ang nasyonalidad ng ama at ina, maaaring magkaroon ng epekto sa nasyonalidad na kukunin pagkatapos isilang ang anak dahil sa natural na pagtakda ng legal na ama ng isisilang na anak. Ayon sa nakasaad sa Batas hinggil sa Nasyonalidad, kukuha ng nasyonalidad ng Hapones kasabay ng panganganak ang dayuhang sanggol sa sinapupunan na kinilala ng lalaking Hapones.

Sa ipinapatupad na batas ng pagkilala (*ninchi*), nakasaad na “ayon sa batas ng sariling bansa ng taong kumilala sa oras ng pagsilang o oras ng pagkilala ng anak, o sa batas ng sariling bansa ng anak sa oras ng pagkilala.” Sa pagkilala ng sanggol sa sinapupunan (*taiji ninchi*), babasahin ang “batas ng sariling bansa ng anak” na “batas ng sariling bansa ng ina.”

Kung batas ng sariling bansa ng ama, at kinakailangan ang pagpayag o pagsang-ayon ng ikatlong partido sa batas ng sariling bansa ng ina sa oras ng pagkilala (*ninchi*), kailangang sumailalim sa kondisyong ito.

Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan para sa mga detalye tungkol sa pagkilala (*ninchi*) at pagkilala ng sanggol sa sinapupunan (*taiji ninchi*).

(6) Pagkamatay

Sa pagkamatay, kailangang mag-submit ng ulat sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan sa loob ng 7 araw mula sa araw na nalaman ang kaganapang iyon ng kamag-anak na kasama sa tirahan, taong kasama sa tirahan, may-ari ng bahay o iba pa.

<Palakad>

Mangyaring makipagkonsulta sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan tungkol sa detalye ng palakad at iba pa, dahil kailangang maglakip ng sertipiko ng pagkamatay at linawin ang nasyonalidad ng mismong tao sa kasulatan ng ulat.

① Paglilibing, kremasyon

Kung gagawin ang paglilibing, kremasyon ng bangkay sa Japan, kailangang tumanggap ng ipagkakaloob na “Sertipiko ng pahintulot ng paglibing/kremasyon ng bangkay.” Mangyaring magbigay-alam sa embahada o konsulado kung isasagawa sa sariling bansa.

② Pagpapalibing

Kung isinagawa ang pagpapalibing ng taong namatay na nakaseguro sa Pambansang seguro ng kalusugan at segurong medikal para sa matandang nasa ikalawang antas, mangyaring mag-apply sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan dahil may sistema ng pagbibigay ng gastusin sa pagpapalibing anuman ang nasyonalidad.

Kung mayroong libreng pangkalusugan ng biktima ng bomba atomika ang taong namatay, may sistema ng pagbibigay ng bayad para sa pagpapalibing sa taong nagsagawa ng pagpapalibing. Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan para sa mga detalye.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

③ Benepisyo sa pagkamatay

Kapag kasapi sa Pambansang pensyon, 3 taon o higit pang nagbabayad ng bayad para sa seguro at namatay nang hindi tumatanggap ng pensyon, ibibigay ang benepisyo sa pagkamatay sa naulilang pamilya, ngunit may kondisyon sa saklaw ng naulilang pamilya, kaya’t mangyaring magtanong sa tanggapan ng pensyon para sa mga detalye.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng Pensyon

④ Pagkapawi ng kaugnayan bilang asawa

Kung namatay ang asawa ng taong naninirahan bilang asawa sa pahintulot para sa paninirahang “Spouse or Child of Japanese National,” “Spouse or Child of Permanent Resident” o “Dependent,” mangyaring isagawa ang pag-uulat kaugnay sa pagkapawi ng kaugnayan bilang asawa sa Director-General ng Immigration Services Agency of Japan sa loob ng 14 araw.

⑤ Residence card, Special permanent resident certificate

Mangyaring dalhin ang residence card o special permanent resident certificate ng taong namatay sa Hiroshima Immigration Services Bureau, o branch office, o ipadala at isauli sa pagsasauliang nakasulat sa ibaba.

< Pagsasaulian kung ipapadala >

〒135-0064

Tokyo Port Joint Government Building 9F, 2-7-11 Aomi, Kōtō-ku, Tokyo-to

Odaiba Branch Office, Tokyo Immigration Bureau

*Isulat sa harap ng sobre “Isasauling residence card at iba pa”